

Ang Inyong Mga Karapatan sa Ilalim ng Title VI ng Civil Rights Act of 1964

Ang dokumentong ito ay bumabalangkas sa mga pamamaraan sa pagrereklamo sa ilalim ng Title VI na may kaugnayan sa pagkakaloob ng mga programa, mga serbisyo, at mga benepisyo. Gayunman, hindi nito tinatanggihan ng mga benepisyo ang nagrereklamo na magsampa ng isang pormal na reklamo sa California Department of Transportation, sa Secretary ng US Department of Transportation,

Sa Equal Employment Opportunity Commission (EEOC), Federal Highway Administration (FHWA), Federal Transit Administration (FTA), o humingi ng pribadong pagpapayo para sa mga reklamo na nagpapatang ng diskriminasyon, intimidasyon, o paghihiganti ng anumang uri na ipinagbabawal ng batas.

Ang San Francisco Bay Area Rapid Transit District, sa pag-aalinsunod sa Title VI ng Civil Rights Act ng 1964, ang Federal Highway Administration (FHWA), at ang naaangkop na mga batas at regulasyon ng pederal at ng estado, ay may pananagutan upang tiyakin na walang hindi isasali o tatanggihan ng mga benepisyo para sa mga serbisyo o mga programa nito batay sa lahi, kulay, o pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan. Dalawang Executive Orders ang sumasakop sa mga proteksyon ng Title VI sa Environmental Justice, na pinoprotektahan rin iyong mga may mababang kita, at Limited English Proficiency (LEP).

Pamamaraan para sa Reklamo sa ilalim ng Title VI

1. Sinumang naniniwala na sila ay sumailalim sa isang pakikitungong may diskriminasyon ay maaaring mag-sumite ng isang nakasulat na reklamo sa Office of Civil Rights ng San Francisco Bay Area Rapid Transit District. Hinihiling sa ilalim ng batas ng Pederal at ng Estado na ang mga reklamo ay dapat isampa sa loob ng isang daan at walumpong (180) araw na batay sa kalendaryo mula nang huling naparatang na pangyayari.
2. Maaaring i-download ng nagrereklamo ang form sa pagrereklamo mula sa www.bart.gov o humiling ng form sa pagrereklamo mula sa Office of Civil Rights (OCR). Ang nagrereklamo ay maaari rin mag-sumite ng isang nakasulat na pahayag na naglalaman ng mga tinukoy na impormasyon sa Seksyon 3, a hanggang g sa ibaba.
3. Isasama ng nagrereklamo ang mga sumusunod na impormasyon:
 - a. Pangalan, address, at numero ng telepono ng nagrereklamo.
 - b. Ang batayan ng reklamo (lahi, kulay, pinagmulang bansa, kasarian, edad, o kapansanan).

- c. Ang petsa o mga petsa kung kailan ang naparatang na pangyayari na may diskriminasyon ay naganap.
- d. Ang kalikasan ng pangyayari na naghantong sa nagrereklamo na maramdaman na isang factor ang diskriminasyon.
- e. Ang mga pangalan, address at mga numero ng telepono ng mga tao na maaaring may kaalaman sa pangyayari.
- f. Ang iba pang mga ahensya o mga korte kung saan maaaring naisampa ang reklamo at isang pangalan kung kanino makikipag-ugnayan.
- g. Lagda at petsa ng Nagrereklamo Kung ang nagrereklamo ay hindi kayang sumulat ng isang reklamo, ang staff ng OCR ay tutulong sa nagrereklamo. Kung hilingin ng nagrereklamo, ang OCR ay magkakaloob ng interpreter sa wika o sign interpreter.

Ang reklamo ay maaaring ipadala o i-fax sa sumusunod na address:

**Office of Civil Rights
300 Lakeside Drive, Suite 1800
Oakland, CA 94612
(510) 464-6100
(510) 464-7587 Fax:**

Ang reklamo ay maaaring ipadala sa pamamagitan ng email sa officeofcivilrights@bart.gov.

Ang mga nagrereklamo ay may karapatan na magreklamo nang direkta sa naaangkop na pederal na ahensya. Ang mga reklamo ay dapat isampa sa loob ng isang daan at walumpung (180) araw na batay sa kalendaryo mula nang huling naparatang na pangyayari.

- 4. Ang OCR ay mag-uumpisa ng imbestigasyon sa loob ng labinlimang (15) araw na may pasok sa trabaho mula nang matanggap ang reklamo.
- 5. Ang OCR ay makikipag-ugnayan sa nagrereklamo sa pamamagitan ng isang kasulatan ng hindi mas tatagal sa tatlumpong (30) araw na may pasok sa trabaho makalipas na matanggap ang reklamo para sa karagdagang impormasyon, kung kinakailangan. Kung nabigo ang nagrereklamo na magkaloob ng hiniling na impormasyon sa oras, ang OCR ay maaaring administratibong isara ang reklamo.
- 6. Ang OCR ay magkukumpleto ng imbestigasyon sa loob ng siyamnapung (90) araw nang matanggap ang reklamo. Kung kailangan ng karagdagang oras para sa imbestigasyon, makikipag-ugnayan sa nagrereklamo. Isang nakasulat na ulat ng imbestigasyon ang ihahanda ng imbestigador. Ang ulat na ito ay may kasamang paglalarawan ng buod ng pangyayari, mga natuklasan at inirerekumendang pangwastong kilos.

7. Isang pangwakas na sulat ang ipagkakaloob sa nagrereklamo. Ang hinahabla o departamento ng hinahabla ay makakatanggap rin ng kopya ng pang-wakas na liham. Ang bawat isa ay may limang (5) araw na may pasok sa trabaho mula nang matanggap ang ulat para makapag-apela. Kung wala sa alinman sa mga panig ang mag-apela, ang reklamo ay isasara.
8. Kung kinakailangan, ang ulat ng imbestigasyon na may mga rekomendasyon at mga pangwastong kilos ang ipapasa sa naaangkop na pederal na ahensya, sa nagrereklamo at sa hinahablahan.